

Impormasyon para sa Kaligtasan (Safety Data Sheet)

Ang nilalaman at ayos ng SDS na ito ay alinsunod sa pamantayan ng GHS.

1. Pagkilala sa substansiya/paghahanda at sa kumpanya/pagsasagawa

.Pangalan ng produkto: Falcon Urinal Sealant

.Code ng Produkto: D59000-002

.Inirerekomendang paggamit ng kemikal at mga paghihigpit sa paggamit: Pantapal ng Ihian. HUWAG ito gamitin sa paraan kung saan maaari nitong makontamina ang pagkain o makapinsala sa kalusugan ng tao.

.Tagagawa/Taga-supply:

Falcon Waterfree Technologies.

2255 Barry Ave. Los Angeles, CA, 90064

Telepono: (310) 209-7250 (Lunes – Biyernes, 8 n.u. – 5 n.h. PST)

.Tagapag-angkat:

Falcon Waterfree Philippines, Inc.

Ground Floor, Unique Plaza Building #56 Sierra Madre St., Highway Hills Mandaluyong City 1550, Philippines

Joseph Ancheta

Telepono: +632 4776036

Email: jancheta@falconwaterfree.com

.Makukuha ang karagdagang impormasyon mula sa:

Falcon Waterfree Technologies.

Falcon Waterfree Philippines, Inc.

.Impormasyon kung sakaling magkaroon ng emerhensiya: CHEMTREC (800) 424-9300

2. Pagkilala sa mga panganib

.Klasipikasyong GHS:

Mga pisikal na panganib

Hindi Inuri.

Mga panganib sa kalusugan

Matinding pinsala o iritasyon sa mata - Kategoriya 2A

Mga panganib sa kalikasan

Hindi Inuri.

.Hudyat na salita: Babala.

.Simbolo:



.Pahayag ng Panganib:

H319: Nagdudulot ng malubhang iritasyon sa mata.

.Mga Pahayag para sa Pag-iingat:

P264: Hugasan nang maigi ang mga kamay pagkatapos na hawakan.

P280: Gumamit ng proteksyon sa mata/proteksyon sa mukha.

.Mga Pahayag ng Pagtugon sa Pag-iingat:

P305 + P351 + P338: KAPAG NAPUNTA SA MATA: Maingat na banlawan ng tubig ng ilang minute. Tanggalin ang mga contact lense, kung mayroon at gawin agad. Patuloy na banlawan.

P337 + P313: Kapag lumala ang iritasyon sa mata: Humingi ng payong medikal/atensyon.

.Mga pahayag ng pag-iingat sa pagtatago:

Walang espesyal na kinakailangan.

.Mga pahayag sa pag-iingat sa pagtatapon:

Walang espesyal na kinakailangan.

3. Nilalaman o impormasyon na nasa mga sangkap

Paglalarawan sa produkto: substansiya (); paghahanda o halo (√)

Mga Sangkap	CAS #	EC #	% ayon sa timbang
2-Octan-1-yl-dodecan-1-ol 2-Octan-1-yl-dodecan-1-ol	5333-42-6	226-242-9	60-100%
Lemon Fragrance Samyong Limon	5989-27-5	227-813-5	<0.1%

4. Mga hakbang para sa pangunang lunas

Ang mga taong gumagamit ng produktong ito ay dapat kumonsulta sa isang doktor o ibang medikal na propesyonal kung magkakaroon ng aksidente na kasasangkutan ng produktong ito sa isang pinsala. Ang mga partikular na hakbang para sa pangunang lunas ay ang mga sumusunod:

.Paglanghap: Alisin sa sariwang hangin. Tumawag sa isang CENTER PARA SA LASON o doktor kung magiging masama ang iyong pakiramdam.

.Pagkakadikit sa Balat: Hugasan ng may tubig at sabon. Kung magkakaroon ng iritasyon, magpatingin sa doktor.

.Pagkakadikit sa Mga Mata: Itaas kaagad ang mga talukap ng mata at banlawan ng maraming tubig para sa ilang minuto. Alisin ang mga contact lens, kung mayroon at kung madaling gawin. Patuloy na hugasan. Kung magpapatuloy ang iritasyon, magpatingin sa doktor.

.Paglunok: Agad na pilitin na sumuka at magpahinga at magpatingin kaagad sa doktor. Magmumog at hugasan ang bibig.

.Masamang epekto at naantalang epekto: Talamak na epekto: Nagdudulot ng malubhang iritasyon sa mata. Naantalang epekto: hindi nakita.

.Personal na kagamitang pamproteksyon: Magsuot ng proteksiyon sa kamay/damit/proteksiyon sa mata/proteksiyon sa mukha kung kailangan.

.Indikasyon na kailangan ng agarang atensiyong medikal at paggagamot, kung kinakailangan: Gamutin ayon sa mga sintomas at pagkababad dosis.

5. Mga hakbang para patayin ang sunog

.Mga Gamit na Pamatay-Sunog: Hamog sa tubig. Bula. Tuyong Kemikal. Carbon dioxide. Pampulansit ng Tubig.

.Hindi naaangkop na Gamit na Pamatay-Sunog: Huwag gamitin ang direktang daloy ng tubig. Ang pagdidiskarga ng silindrong hugis ng tubig mula sa tubo ng tubig ay maaaring magdulot ng pagkalat ng apoy sa paligid.

.Especyal na Panganib: Maaaring kabilang sa mga produktng nagliliyab, at hindi limitado sa: oksido ng karbon, nakasasakit na mga singaw.

.Paraan ng Pag-apula sa Apoy:

Isara ang pinagmumulan ng hangin.

Patayin ang apoy mula sa pinagmumulan ng hangin at palamigin ang mga sisidlan sa pamamagitan ng pag-spray ng tubig.

Alisin ang mga sisidlan mula sa lugar na may sunog kung magagawa ito nang walang peligro.

Pagbawalan ang di-kinakailangang pagpasok sa mga lugar na nakapalibot sa sunog.

.Mga epesyal na aksiyon para sa mga bumbero: Dapat magsuot ang gma bumbero ng self-contained breathing apparatus at kumpletong kagamitang pangkaligtasan.

Suriin kung ang kagamitang pangproteksiyon ay nasa maayos na kondisyon bago gamitin.

6. Mga hakbang para sa mga hindi sinasadyang paglabas ng mga mapanganib na bagay

.Mga personal na pag-iingat: Gumamit ng wastong kagamitang pangproteksiyon gaya ng tinukoy sa Seksiyon 8.

.Mga Pag-iingat para sa Kalikasan: Palaging linisin ang mga dumadaloy mula sa mga alkantarilya ng munisipyo at mga bukas na mga anyong tubig. Sumunod sa mga lokal at pambansang batas at regulasyon.

.Mga Hakbang para sa Paglilinis o Pangongolekta:

Kaunting Tumapon:

I-mop o punasan gamit ang isang hindi umaandag na tuyong materyal (hal. buhangin, tuyong lima) at ilagay sa angkop na naka-etiketang lalagyan ng basura.

Maraming Natapon:

Para sa maraming natapon, dikihan nang lupa at buhangin, atbp. para maiwasan ang dagdag na pagtapon at matakpan ang tumapong likido ng foam at kolektahin sa isang

walang laman na sisidlan hangga't maaari. Ibaba ang lahat ng mga kagamitan na ginagamit kapag may natapon. Pahintuin ang pagtulo kung magagawa ito nang walang panganib.

7. Paghawak at pagtatago

.Paghawak:

Hugasan nang maigi ang mga kamay pagkatapos na hawakan.

Gumamit ng proteksyon sa mata/proteksyon sa mukha.

.Mga kondisyon para sa ligtas na pag-iimbak, kabilang na ang anumang mga hindi akma:

Itago sa malamig, tinatakbuhan ng hangin at tuyong lugar. Iwasan ang matagalang pagkababad sa direktang init ng araw.

.Mga di-akmang substansiya o timplada: Matatapang na oxidizer.

.Materyal ng pakete: Walang magagamit na impormasyon.

8. Mga pamamahala sa pagkakalantad o personal na proteksyon

Kontrol parameter:

Mga Sangkap	OSHA PEL-TWA	ACGIH TLV-TWA
Hindi itinatag	Hindi itinatag	Hindi itinatag

.Mga Pamamahala na Pang-inhinyero:

Hawakan lang ang produkto sa ilalim ng mga kondisyon na may sapat na daloy ng hangin.
 Magkabit ng panghugas sa mata at safety shower malapit sa lugar ng handling at storage.
 Ipinapakita ang mga lokasyon ng mga pasilidad na ito, nang may malinaw at nakikitang warning board.

.Mga Personal na Kagamitang Pamproteksyon (para sa mga manggagawa):

.Proteksyon ng Mga Kamay:

Sumuot ng mga guwantes na hindi pinapasok ng likido. (hal. Guwantes na gawa sa goma).



.Proteksyon ng mga Mata:

Magsuot ng mga pangkaligtasang salamin kapag maaaring mabuo ang singaw o usok sa oras ng pagproseso o pagtatrabaho nang mahabang oras.



.Proteksyon sa Paghinga:

Walang espesyal na mga kinakailangan sa ilalim ng normal na mga kalagayan. Gumamit ng isang aprubadong respirator kung ang hangganan ng pagkakalantad ay lalampas o kung magkakaroon ng iritasyon o ibang mga sintomas.



.Proteksyon ng Katawan:

Irekomenda ang pagsuot ng pangkalahatang kasuotan sa pagtatrabaho.



.Mga pangkalahatang hakbang na pamproteksyon at pangkalinisan:

Ilayo sa mga pagkain, inumin at pakain.
 Hugasan ang mga kamay bago magpahinga at pagkatapos ng trabaho.
 Iwasan ang mapadapo o matalisikan sa mata at balat.

9. Mga katangiang pisikal at kemikal

Pangkalahatang impormasyon	
Anyo	Likido (Malangis)
Kulay	Asul na asul
Amoy	Citronella/Limon

Halaga ng pH	Walang makukuhang data
Saklaw para sa Kumulo	Walang makukuhang data
Punto o Saklaw para Matunaw	Walang makukuhang data
Punto ng pagliyab	Walang makukuhang data
Mga Hangganan na Maaaring Magliyab o Sumabog-Mababang % ayon sa Dami	Hindi magagamitan
Mga Hangganan na Maaaring Magliyab o Sumabog-Mataas na % ayon sa Dami	Hindi magagamitan
Kaugnay na densidad	0.836 @ 68 °F
Kaugnay na densidad ng singaw	Walang makukuhang data
Presyon ng singaw	Walang makukuhang data
Densidad ng singaw	Walang makukuhang data
Maaaring matunaw	Walang makukuhang data
n-octanol/tubig partisyon koefisyent	Walang makukuhang data
Temperatura sa awtomatikong pagsunog	Walang makukuhang data
Temperatura sa pag-agnas	Walang makukuhang data
Value ng Limitasyon sa Amoy	Walang makukuhang data
Kalagkitan	60 mPa.s @ 68 °F (ASTM D445)
Antas ng Pagsingaw	Walang makukuhang data
Kakayahang masunog (solid, gas, atbp.)	Ang produktong ito ay hindi unuuri bilang likidong umaapoy.

10. Hindi nagbabago at kakayahang magkaroon ng reaksiyon

.Reactivity at katatagan: Ang produktong ito ay matuturing na matatag at hindi reactive sa ilalim ng normal at inaasahang pagtatabi at pangangasiwa na mga kondisyon.

.Posibilidad ng Mapanganib na Mga Reaksiyon: Walang makukuha sa ngayon na impormasyon.

.Mga Kondisyon na Dapat Iwasan: Mataas na temperatura.

.Mga materyales na dapat iwasan: Matatapang na oxidizer.

.Mga Mapanganib na Produktong Maaaring Mabulok: Maaaring kabilang sa mga produktong nagliliyab, at hindi limitado sa: oksido ng karbon, nakasasakit na mga singaw.

11. Impormasyon hinggil sa Pagkakalason dito

.Datos tungkol sa antas ng Lason:

(Mga) Sangkap	CAS#	LD ₅₀ /LC ₅₀ (Katamtamang nakamamatay na dosis)
2-Octan-1-yl dodecan-1-ol	5333-42-6	Talamak na pagkalason (Sa bibig) LD ₅₀ > 40 ml/kg (Daga) Pinagmulan ng data: ECHA Talamak na pagkalason (Sa balat) LD ₅₀ : 2 ml/kg (Koneho) Pinagmulan ng data: ECHA
Samyong Limon	5989-27-5	Talamak na pagkalason (Sa bibig) LD ₅₀ : 5,600 mg/kg (Daga)

		Pinagmulan ng data: ChemIDplus Talamak na pagkalason (Sa balat) LD ₅₀ > 5,000 mg/kg (Koneho) Pinagmulan ng data: ChemIDplus
Klasipikasyon ng buong produkto:		Hindi Inuri.
Pagkaagnas o iritasyon ng balat		Samyong Limon (CAS: 5989-27-5): Kategoriya 3 (Pinagmulan ng data: HSNO CCID) Klasipikasyon ng buong produkto: Not classified.
Matinding pinsala o iritasyon sa mata		2-Octan-1-yl-dodecan-1-ol (CAS: 5333-42-6): Kategoriya 2A (Pinagmulan ng data: HSNO CCID) Samyong Limon (CAS: 5989-27-5): Kategoriya 2A (Pinagmulan ng data: HSNO CCID) Klasipikasyon ng buong produkto: Kategoriya 2A
Sensitissasyon, balat		Samyong Limon (CAS: 5989-27-5): Kategoriya 1 (Pinagmulan ng data: HSNO CCID) Klasipikasyon ng buong produkto: Not classified.
Sensitissasyon, pagpapawis		Walang pag-uuri para sa produktong ito.
Nagdudulot ng pagbabago sa germ cell		Walang pag-uuri para sa produktong ito.
Nagdudulot ng kanser		Walang pag-uuri para sa produktong ito.
Antas ng Lason sa Pag-aanak		Walang pag-uuri para sa produktong ito.
Tiyak na nakakalason sa target na organ kasunod ang nag-iisang pagkakalantad		Walang pag-uuri para sa produktong ito.
Tiyak na nakakalason sa target na organ kasunod ang paulit-ulit na pagkakalantad		Walang pag-uuri para sa produktong ito.
Panganib na malanghap		Walang pag-uuri para sa produktong ito.

12. Impormasyon sa Ekolohiya

.Pinsala sa ekolohiya:

2-Octan-1-yl-dodecan-1-ol (CAS: 5333-42-6):

48h-LC₅₀ > 10,000 mg/L Isda

Pinagmulan ng data: ECHA

Samyong Limon (CAS: 5989-27-5):

96h-LC₅₀: 0.72 mg/L Isda

Pinagmulan ng data: ECHA

Klasipikasyon ng buong produkto: Hindi Inuri.

.Patuloy na pag-iral at Kakayahang Mabulok: Walang kaugnay na data.

.Posibilidad na Maipon sa Organismo: Walang kaugnay na data.

.Kakayahang Gumalaw sa Lupa: Kapag ito ay nasa kalagayang likido, maaari itong ilipat sa lupa.

13. Mga dapat isaalang-alang sa pagtatapon

Mga paraan sa pagtapon ng basura:

Inirerekomendang gamitin ang pagsusunog na paraan upang itapon ang basura. Ang anumang gawi sa pagtatapon ay dapat alinsunod sa mga batas at regulasyon ng bansa, lokal, estado, at pederal. Pagkatapos ganap na matanggal ang mga nilalaman, itapon ang sisidlan nito sa mga collection point para sa mga mapanganib o espesyal na basura. Magdikit ng etiketa sa sisidlan na nagpapatid sa mga posibleng panganib ng basura.

14. Impormasyon sa Pagdadala

DOT /Pagdadala sa Pamamagitan ng Himpapawid- IATA/ICAO/ Paghahatid sa pamamagitan ng Dagat-IMO/IMDG.:

.Wastong Pangalan ng Pagdadalhan: Hindi kontrolado.

.Uri ng Panganib: Hindi magagamitan

.Code ng UN: Hindi magagamitan

.Grupo ng Nagbabalot: Hindi magagamitan

.Natalagang Pictogram: Hindi magagamitan

.Nagpapadumi sa dagat (Oo/Hindi): Hindi

.EMS NO.: Hindi magagamitan

.Tandaan:

Tingnan kung ang balot ay buo o selyado bago dalhin; tiyakin na walang pinsala at walang mahuhulog na mga pakete habang dinadala; ang sasakyan para sa pagdadala ay mayroon dapat mga kagamitang pampatay ng apoy at mga pang-emerhensiyang pasilidad para sa pamamahala sa inilalabas nito; HUWAG dadalhin ang produktong ito nang may kasamang mga hindi kaayon na substansiya; ilayo mula sa apoy at mga lugar na may mataas na temperatura sa panahon ng mga pansamantalang paghinto.

15. Impormasyon ayon sa regulasyon

.Ang Pilipinas:

.Listahan ng Pilipinas para sa Mga Kemikal na Binibigyang Prayoridad (Philippine Priority Chemicals List o PCL): Hindi magagamitan.

.Imbentaryo ng Pilipinas para sa Mga Kemikal at Mga Kemikal na Substansiya (Philippine Inventory of Chemicals and Chemical Substances o PICCS) : 2-Octan-1-yldodecan-1-ol (CAS: 5333-42-6) at Samyong Limon (CAS: 5989-27-5) ay nakalista sa PICCS.

.Listahan ng Pag-uutos sa Pagkontrol ng Kemikal (List of Chemical Control Order o CCO) : Hindi magagamitan.

.Listahan ng mga Substansiyang Nakakaubos ng Ozone (Ozone Depleting Substances o ODS): Hindi magagamitan.

.Estados Unidos:

.Section 355 (mga labis na mapanganib na substansiya): Hindi nakalista.

.SARA 313: Hindi nakalista.

.Batas para sa Pagkontrol sa Nakakalason na Substansiya (Toxic Substance Control Act):

Mga Sangkap	CAS #	Toxic Substance Control Act
2-Octan-1-yldodecan-1-ol	5333-42-6	Nakalista
Samyong Limon	5989-27-5	Nakalista

.Batas sa Malinis na Tubig (Clean Water Act):

Pangalan ng	Naiuulat na Dami	Mapanganib na	Priyoridad na	Nakalalasang Mga
-------------	------------------	---------------	---------------	------------------

Kemikal		mga Substansya	Nakapagpaparumi	Nakapagpaparumi
Hindi magagamitan.	Hindi magagamitan.	Hindi magagamitan.	Hindi magagamitan.	Hindi magagamitan.

.Mga Kategoriya ng Carcinogenicity: Hindi inilista ng EPA, NTP, ACGIH at IARC.

.EU:

.(EC) 1272/2008 Annex VI Table 3.1:

(Mga)Sangkap	EC No. 1272/2008 Pag-uuri	
	KLASE. KODEGO	RISKO KODEGO
Samyong Limon (CAS: 5989-27-5)	Flam. Liq. 3	H226
	Skin Irrit. 2	H315
	Skin Sens. 1	H317
	Aquatic Acute 1	H400
	Aquatic Chronic 1	H410

.Lista ng mga Kandidato sa Substances of very high concern (SVHC) ayon sa ECHA: Hindi nakalista

.Listahan sa Pamamahala ng Apendiks XVII ng Regulasyon ng REACH: Hindi nakalista.

.Listahan sa Pagpapahintulot ng Apendiks XIV ng Regulasyon ng REACH: Hindi nakalista.

.Pagtatasa sa Kaligtasan ng Kemikal: Walang isinagawang Pagtatasa sa Kaligtasan ng Kemikal.

16. Ibang impormasyon

Pasintabi:

Ang dokumentong ito ay nilikha ng ikatlong partidong serbisyo na nagpatalastas sa NEXREG Compliance, Inc. (NEXREG) espesyalisadong regulatoryong kaalaman at mga kakayahan sa (mga) rehiyon kung saan nakasaad na tumatalima ang dokumentong ito. Naniniwala kaming ang mga pahayag, teknikal na impormasyon, mga pagsasalin at mga rekomendasyon na nilalaman dito ay maaasahan, pero ibinigay ang mga ito nang walang warranty o garantiya na anumang uri. Ang impormasyong nilalaman sa dokumentong ito ay lumalapat sa partikular na materyal na itong ibinigay. Maaaring hindi ito balido para sa materyal na ito kung ginamit na kalangkap ang anumang ibang materyales. Sakaling may alitan tungkol sa pagtalima o nilalaman ng dokumento sisikapin ng NEXREG na magbigay ng makatwirang tulong para lutasin ang problema. Sa dulo nasa gumagamit ang responsibilidad na bigyang-kasiyahan ang sarili kung nababagay at kumpleto ang impormasyong ito para sa sariling partikular na gamit ng gumagamit.

Mga Sanggunian:

Ikaapat na rebisyon ng GHS (The fourth revision of GHS)

Administratibong Kautusan ng DENR B1g.2015-09 GHS Manwal ng Gabay (DENR Administrative Order No.2015-09 GHS Guidance Manual)

Buong paglalarawan ng ilang mga acronym:

GHS-Pandaigdigang Pinagtugmang Sistema ng Pag-uuri at Paglalagay ng Label sa Mga Kemikal (Globally Harmonized System of Classification and Labelling of Chemicals)

CAS- Tagapanatili ng Listahan ng mga Kemikal na Substansiya (Chemical Abstracts Service)

EINECS-Imbentaryo ng Europa para sa Mga Umiiral na Pang-komersyong Kemikal na Substansiya (European

Inventory of Existing Commercial Chemical Substances)

IMO-Internasyonal na Organisasyon na May Kaugnayan sa Dagat (International Maritime Organization)

IMDG-Internasyonal na Mga Mapanganib na Kalakal na May Kaugnayan sa Dagat (International Maritime Dangerous Goods)

IATA-Internasyonal na Samahan para sa Pagdadala sa Himpapawid (International Air Transport Association)

ICAO-Internasyonal na Samahan para sa Sibil na Paglipad sa Himpapawid (International Civil Aviation Organization)

TSCA-Batas sa Pagkontrol sa Nakakalason na Substansiya (Toxic Substance Control Act)

OSHA-Administrasyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Administration)

ACGIH- Kapulungan ng Amerika sa Pampamahalaang Mga Pang-industriyang Hygienist (American Conference of Governmental Industrial Hygienists)

Ang petsa ng pagkakaloob ng pinakabagong bersyon: Oktubre 27, 2017

Bersyon ng SDS: 3.0

*****Ang Wakas*****